PAMBANSANG SAMAHAN SA SIKOLOHIYANG PILIPINO
(National Association for Sikolohiyang Pilipino, Inc.)
4A Alcal Building 285 Katipunan Avenue, Loyola Heights, Quezon City
Telefax: (02) 434-7973 E-mail: sekretaryat@pssp.org.ph
Website: www.pssp.org.ph

PAMUNUAN 2015

Jay A. Yacat
Pangulo

Homer J. Yabut
Pangalawang Pangulo

Jayson D. Petras
Kalihim

Josefina Andrea R. Cantiller
Ingat-Yaman

Miriam Grace A. Malabanan
Howell B. Calma
Jose mari A. Carpena
Carl O. Dellomos
Roberto E. Javier, Jr.
Michael David Tan Lopez
Silfa C. Napicol
Maria Guadalupe C. Salanga
Miyembro

Kenneth Carlo L. Rives
Sekretaryat

Virgilio G. Enriquez
1942-1994
Ama ng Sikolohiyang Pilipino
Pangulong Tagapagtatag

8 Abril 2015

_____
_____
_____

Mahal na _____:

Isang mapagpalayang pagbati!

Ang **Pambansang Samahan sa Sikolohiyang Pilipino (PSSP)** ay isang propesyonal na organisasyon ng mga indibidwal at grupong naninindigang magtaguyod ng isang makabuluhan at makahulugang sikolohiya at agham panlipunan sa Pilipinas. Sa darating na **29-30 Mayo 2015**, isasagawa po namin katuwang ang **SLU School of Teacher Education** ang **Linangan 2015: Seminar Workshop sa Pagtuturo ng Sikolohiyang Pilipino** sa **Saint Louis University**, **Lungsod Baguio, Benguet.**

Sa loob ng dalawang araw, papaksain ng kurso ang mga batayang kaisipan at usapin sa Sikolohiyang Pilipino. Kasama rin sa pagtalakay ang mga mahahalagang paksa na kailangang maisama sa anumang panimulang kurso sa Sikolohiyang Pilipino. May pagtalakay rin sa mga metodong angkop para sa kurso. Ang workshop *fee* ay nagkakahalaga ng **P3,000.00 (kasapi)** at **P3,500.00 (di-kasapi)** bawat isang tao. Kasama sa halagang ito ang pagkain, workshop *kit* at katibayan ng paglahok ngunit hindi kasama ang akomodasyon.

Kaugnay nito, nais namin kayong anyayahang magpadala ng isa o higit pang kinatawan para sa maikling kursong ito. Mainam kung ang pipiliin ay iyong mga nakapagturo na, nagtuturo o balak magturo o pagturuin ng panimulang kurso sa Sikolohiyang Pilipino.

Para po sa pagbayad ng workshop *fee*, maaari itong ideposito sa aming PNB *checking account* na **National Association for Sikolohiyang Pilipino, Inc.** (*Account No.*: **473427800012**) sa pinakamalapit na sangay ng *Philipppine National Bank* sa inyong lugar. Lahat ng tseke ay dapat nakapangalan sa **"NATIONAL ASSOCIATION FOR SIKOLOHIYANG PILIPINO, INC."** Maaari ring ipadala ang inyong bayad sa aming **GCASH Account No. 0916-2114973**. Pagkatapos pong magbayad ay siguraduhing magpatala kayo sa online registration form: **bit.ly/pssplinangan2015.** Paki-email din po ang scanned copy ng PNB/GCash transaction slip kasama ang inyong pangalan at institusyong kinapapabilangan sa **pssponline@gmail.com** o i-fax sa **(02) 434-7973** para sa beripikasyon ng inyong bayad.

Lubos na gumagalang,

Prop. Jay A. Yacat
Unibersidad ng Pilipinas-Diliman
Pangulo, PSSP

/kclr09

Tentatibong Programa

Linangan 2015: Seminar Workshop sa Pagtuturo ng Sikolohiyang Pilipino

Lungsod Baguio, Benguet

29-30 Mayo 2015

Oras	**Unang Araw (29 Mayo 2015)**	**Ikalawang Araw (30 Mayo 2015)**
8:00 – 8:30 n.u.	**Panimulang Programa**	Recap ng Unang Araw
8:30 – 10:00 n.u.	**Pagsasakunteksto ng Pagtuturo ng SP**	**Mga Prinsipyo ng Katutubong Metodo ng Pananaliksik**
10:00 – 10:30 n.u.	Meryenda	Meryenda
10:30 n.u. – 12:00 n.t.	**Mga Istratehiya sa Malikhaing Pagtuturo ng SP**	**Pakikipagkapwa: Paraan Tungo sa Loob**
12:00 n.t. – 1:30 n.h.	Tanghalian	Tanghalian
1:30 – 3:00 n.h.	**Ang SP bilang Katutubong Sikolohiya** **(Buhay ni Dr. Virgilio G. Enriquez)**	**Mga Istratehiya sa Malikhaing Pagtuturo**
3:00 – 3:30 n.h.	Meryenda	Meryenda
3:30 – 5:00 n.h	**Ang Papel ng Wika sa Paglilinang ng mga Konsepto sa SP**	**Workshop: Pagdidisenyo ng mga Lesson Plan at Modyul sa Pagtuturo ng SP** **Pangwakas na Programa**

Republic of the Philippines
OFFICE OF THE PRESIDENT
COMMISSION ON HIGHER EDUCATION

Commission on Higher Education
OFFICIAL RELEASE
CHED Central Office
RECORDS SECTION
C.P. Garcia Ave., U.P. Diliman, Q.C.

KALATAS MULA SA TAGAPANGULO

PARA SA : **LAHAT NG TAGAPAMUNO NG SENTRAL AT MGA PANREHIYONG TANGGAPAN NG KOMISYON**
LAHAT NG PRESIDENTE/ TAGAPANGULO NG MGA PAMPUBLIKO AT PRIBADONG KOLEHIYO AT UNIBERSIDAD

PAKSA : **PARTISIPASYON SA LINANGAN: ISANG SEMINAR WORKSHOP SA PAGTUTURO NG SIKOLOHIYANG PILIPINO NA INORGANISA NG PAMBANSANG SAMAHAN SA SIKOLOHIYANG PILIPINO NA GAGANAPIN SA IKA-29 HANGGANG IKA-30 NG MAYO TAONG 2015 SA ST. LOUIS UNIVERSITY, LUNGSUD NG BAGUIO, BENGUET**

PETSA : Ika-8 ng Abril taong 2015

Alinsunod sa mga partikular na probisyon ng *Republic Act (R.A.) No.* 7722 na kilala rin bilang *"Higher Education Act of 1994"*, malugod na hinihikayat ng Tanggapang ito na inorganisa ng Pambansang Samahan ng Sikolohiyang Pilipino (PSSP) ang suporta at partisipasyon ng mga kinauukulan sa mga aktibidad at programa kaugnay ng gawaing ito.

Ang layunin ng aktibidad na ito ay ang pagtalakay ng mga mahahalagang paksa na kailangan maisama sa anumang panimulang kurso sa Sikolohiyang Pilipino.

Ang pakikilahok ng mga opisyal, empleyado o estudyante mula sa mga pribadong kolehiyo at unibersidad ay BOLUNTARYO. Samantala, ang sinomang opisyal o empleyado ng ng mga pampublikong kolehiyo at unibersidad na nagnanais lumahok sa nasabing aktibidad ay pinaaalalahanan sa wastong paggamit ng pondo ng gobyerno alinsunod sa *Administrative Order No. 103*.

Para sa karagdagang detalye, listahan ng mga panukalang aktibidad at/o iba pang katanungan patungkol sa pagdiriwang na ito, maaari kayong makipag-ugnayan sa kanilang telepono sa bilang na (02) 434-7973 at sa kanilang email address pssponline@gmail.com.

Hinihiling ang malawakang pagpapalaganap ng kalatas na ito.

PATRICIA B. LICUANAN, Ph.D.

04-0008-b^0011_PSSP_2015